**American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)**
e-ISSN : 2378-703X
Volume-08, Issue-10, pp-179-185
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAGSASABUHAY NG MGA KARUNUNGANG BAYAN TUNGO SA PAG-UNLAD NG KAUGALIAN NG MGA MAG-AARAL

Teresita C. Elayba[1]
[1](*College of Teachers Education/ Laguna State Polytechnic University, Philippines)*

**ABSTRACT:** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan tungo sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral. Layunin nito na mas maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aral na hatid ng karunungang bayan na maaaring makatulong sa pag-unlad ng kanilang kaalaman at kaugalian. Ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay deskriptibong paraan. Ang nagsilbing tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga piling mag-aaral na nasa ika-8 baitang ng Nicolas L. Galvez Memorial National High School na nagmula sa pangkat ng 8-Ivory at 8-Jasper, Panuruang Taon 2022-2023. Sa ginawang pag-aaral lumabas na ang lawak ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan batay sa Impluwensya ng iba't ibang tao ay may pun ana lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas. Gayundin ang lumabas na resulta batay sa kalagayang pampamilya ay may puna na lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas. Samantalang, ang antas ng Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa kagandahang-asal ay may puna na lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas. Sa pagpapahalaga at personal na pag-unlad ay nakakuha ng puna na lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas na antas.

***Keywords :*** *Karunungang Bayan, Kultura, Panitikan*

## I. INTRODUCTION

"Panatilihing buhay ang kultura, huwag kalimutan ang mga aral na sa ati'y pinamana."

Ibinahagi ni Salazar (2021) [1] ang panitikan ay likas na nagpapakilos sa alinmang uri ng Lipunan. Samakatuwid, ito ang bumubuklod sa mga mamamayan na nakapaloob sa isang bansa. Sa pamamagitan nito malayang naipapahayag ng bawat indibidwal ang kanilang kaisipan, damdamin, karanasan, at hangarin sa buhay pasalita man o pasulat. Kahit ang mga ito ay mula pa sa mga katutubo at mga napagdaanan na ng ilang dekada. Maaari pa rin itong gamitin upang pagbatayan ng mga kabutihang-asal na dapat na isabuhay ng mga kabataan. Kung kaya't kailangan nating panatilihing buhay ang karunungang bayan bilang bahagi ng kultura at ng ating panitikan sapagkat ito ay sagisag ng ating pagkakakilanlan, kamalayan, at kinabukasan. Kaugnay nito, naobserbahan ng mananaliksik ang modernong pagbabago ng mga kasabihan at salawikain. Gaya na lamang ng salawikaing "Ang taong nagigipit sa patalim man ay kumakapit" kay gandang paalala sa mga Pilipino ngunit dahil sa modernisasyon o ika nga nila'y nasa millennial na tayo ang salawikain na ito ay nating ganito na "Ang taong gipit sa Bombay kumakapit." Nawawala na ang tunay na kakanyahan ng salawikain na ito. Meron pang "Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay siguradong may stiff neck." Binigyang diin ni F. Sionil Jose [2] sa kanyang artikulong Why are we shallow? (2017), marami sa Pilipino ang walang ganap na pag-unawa sa kanilang pagiging nasyon. Ang kalagayang ito ay isa sa mga itinuturing na dahilan kung bakit maraming Pilipino ang walang alam pagdating sa kasaysayan at pagmamahal sa bayan. Bunga ng obserbasyon na ito, pinili ng mananaliksik na pagtuunan ng pansin ang mga isyu hinggil sa kung ano ang mga salik na nakakaapekto sa mga mag-aaral hinggil sa pagsasabuhay ng karunungang bayan. Kung gayon, pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na alamin kung gaano kabisa ang paggamit ng karunungang bayan bilang tugon sa pagpapaunlad ng mabuting kilos o gawi ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasabuhay nito

## II.STATEMENT OF THE PROBLEM

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang epekto ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan Tungo sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral at naglalayong matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang lawak ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa:
   1.1. Palaro;
   1.2. Pagsasadula; at
   1.3. Blog?
2. Ano ang lawak ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan batay sa:
   2.1. Personal na Interes;
   2.2. Impluwensya ng iba't ibang tao; at
   2.3. Kalagayang Pampamilya?
3. Ano ang antas ng Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa:
   3.1. Kagandahang-asal;
   3.2. Pagpapahalaga; at
   3.3. Personal na Pag-unlad?
4. May makabuluhang epekto ba ang Profayl ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang lawak ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan sa antas ng Pag-unlad ng mga Mag-aaral?
6. Batay sa matutuklasan, anong kagamitang pampagtuturo ang mabubuo na may kaugnayan sa Karunungan-Bayan?

## III. METHOD

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Pamamaraan (Descriptive Method) upang makakalap ng mga tiyak na kasagutan at mahahalagang impormasyon hinggil sa Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan Tungo sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral. Ang mananaliksik ay lumapit at humingi ng pahintulot sa mga mag-aaral ng nasa ika-8 baitang ng Nicolas L. Galvez Memorial National High School na nagmula sa pangkat ng 8-Ivory at 8-Jasper, Panuruang Taon 2022-2023 na binubuo ng limangpung (50) mag-aaral.

Ang mananaliksik ay naghanda ng talatanungan na naglalaman ng profayl ng mga tagatugon batay sa kanilang pangalan na maaaring banggitin o hindi ng mga tagatugon. Kabilang din dito ang edad, kasarian, at tirahan. Naglalaman din ang talatanungan ng baitang at seksyon ng mga mag-aaral na nagpapahiwatig na ang mga tagatugon ay nabibilang sa target ng pag-aaral na ito at upang matiyak din na sila ay nararapat na sumasagot sa pag-aaral na isinasagawa ng mananaliksik nang sa gayon ay makapangalap ng tiyak na mga datos. Ang istatiktikal na pamamaraan na ginamit ay mean, standard deviation, at regression analysis.

## IV. PRESENTATION, ANALYSIS, AND INTERPRETATION OF DATA

**Lawak ng Pagkatuto**

Talahanayan 1. Lawak ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral Batay sa Palaro, Pagsasadula, at Blog

| Batay sa | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| Palaro | 4.55 | 0.35 | Lubhang Mataas |
| Pagsasadula | 4.53 | 0.31 | Lubhang Mataas |
| Blog | 4.43 | 0.29 | Lubhang Mataas |

Sa kabuoang limangpung tagatugon, lumalabas na lubhang mataas ang lawak ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa palaro sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.55, SD=0.35). Ipinapahiwatig lamang nito na malaking bagay sa mga mag-aaral ng baiting walo ng Nicolas L. Galvez Memorial National High School ang paggamit ng mga palaro sa kanilang pagkatuto. Ayon sa pag-aaral ni Bobis (2018) [3] , epektibo ang paggamit ng laro bilang tulong o integrasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at inirerekomenda ito upang mapukaw ang atensyon at interes ng mga mag-aaral.

Makikita rin sa talahanayan 1 na lubhang mataas ang lawak ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsasadula sapagkat ito ay nakakuha ng kabuoang resulta na (M=4.53, SD=0.31). Ang tradisyonal na mga paraan ng pagtuturo, gaya ng lecture at mga nakasulat na gawain ay hindi palaging epektibo sa pagmomotibo ng mga mag-aaral na matuto. Ang paggamit ng mga makabagong paraan ng pagtuturo ay kinakailangan. Sa pamamagitan ng pagsasadula, nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto at nabubuo ang mas malalim na pagkaintindi ng mga paksa. (Alemana et al, 2023) [4]

Batay sa masusing analisasyon at pagtutuos ng resulta sa talahanayan 1, lumalabas na lubhang mataas ang lawak ng pagkatuto ng mga tagatugon batay sa blog sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.43, SD=0.29). Ipinapahiwatig lamang nito na ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya o inobasyon, katulad ng blog ay lubhang epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Lawak ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan**

Talahanayan 2. Lawak ng Pagsasabuhay ng mga Karunungang Bayan Batay sa Personal na Interes, Impluwensya ng Iba't ibang Tao, at Kalagayang Pampamilya

| Batay sa | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| Personal na Interes | 4.40 | 0.76 | Lubhang Mataas |
| Impluwensya ng iba't ibang tao | 4.46 | 0.74 | Lubhang Mataas |
| Kalagayang Pampamilya | 4.42 | 0.74 | Lubhang Mataas |

Batay sa masusing analisasyon at pagtutuos ng resulta sa talahanayan 2, lumalabas na lubhang mataas ang lawak ng pagsasabuhay at ng mga tagatugon sa mga karunungang bayan batay sa personal na interes sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.40, SD=0.76). Ipinapahiwatig lamang nito na kailangan isaalang-alang ang personal na interes ng mga mag-aaral sa pagsasabuhay ng mga karunungang-bayan. Ang personal na interes ay tumutukoy sa mga gawaing makapagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na matuklasan ang kanilang kagalingan sa isang bagay. Ayon pa sa kanya, maaaring makatulong sa kanilang pag-aarall ang mga ganitong gawain gayundin sa pagkamit ng pangarap nila sa buhay.

Sa kabuoang limangpung tagatugon, lumalabas na lubhang mataas ang lawak ng pagsasabuhay ng mga karunungang bayan batay sa impluwensya ng iba't ibang tao sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.46, SD=0.74). Ipinapahiwatig lamang nito na mahalaga sa nga mag-aaral ng baiting walo ng Nicolas L. Galvez Memorial National High School ang impluwensya ng iba't ibang tao ay makatutulong sa pag-unlad ng kanilang sarili at pag-unawa sa mga bagay bagay na nasa kanilang paligid. Mahalaga rin na mabatid nila sa patuloy na pakikisalamuha nila sa ibang tao ay patuloy din silang makapupulot ng mga bagong paniniwala, opinion, pananaw, pag-uugali, saloobin, at iba pa. Pinatunayan nga sa aral ni Analytis et al (2013) [5] ang impluwensya ng iba't ibang tao ay isang proseso ng pagbabago at pag-aangkop ng isang indibidwal sa kanyang opinion, paniniwala, saloobin, at pag-uugali upang makipag-ugnayan sa Lipunan at sa kanyang kapwa. Ang impluwensyang ito ay gumaganap bilang isang mahalagang papel sa ibang phenomena ng pagbabago o pag-unllad ng sariling ideya at pananaw na maaaring makapagbago, makontrol o maimpluwensyahan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao.

Makikita rin sa talahanayan 2 na lubhang mataas ang lawak ng pagsasabuhay at pananaw ng mga tagatugon sa karunungang bayan batay sa kalagayang pampamilya sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.42, SD=0.74). Ipinapahihiwatig lamang nito na ang pagsasabuhay ng mga aral ng karunungang-bayan ay upang mapangalagaan at mapanatili ang samahan at relasyong mayroon sa bawat miyembro ng pamilya sa loob ng tahanan. Pinatunayan ni Liao et al (2021) [6] na ang mabuting relasyon ng magulang at anak ay gumaganap bilang isang pangunahing papel sa indibidwal na maaaring tawagin bilang kalagayang pampamilya. Ang relasyon na ito ay maaaring makapagdulot ng pag-unlad sa mag-aaral sa pisikal, emosyonal, ispiritwal, at mental na aspeto. Isa rin ito sa mahahalagang salik na nakakaapekto sa pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral at pakikipag-usap sa kanyang kamag-aral.

**Antas ng Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral**

Talahanayan 3. Antas ng Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral Batay sa Kagandahang-Asal, Pagpapahalaga, at Personal na Pag-unlad

| Batay sa | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| Kagandahang-Asal | 4.60 | 0.64 | Lubhang Mataas |
| Pagpapahalaga | 4.49 | 0.73 | Lubhang Mataas |
| Personal na Pag-unlad | 4.52 | 0.68 | Lubhang Mataas |

Ang talahanayan bilang tatlo (3) ay nagpapakita ng antas ng pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral hinggil sa kagandahang-asal, pagpapahalaga, at personal na pag-unlad. Sa kabuoang limangpung tagatugon, lumalabas na lubhang mataas ang antas ng pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa kagandahang-asal sapagkat ito ay nakakuha ng mean score (M=4.60, SD=0.64). Batay sa resulta ng mga datos nakalap, mapapansin na mahalaga ring salik sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng kagandahang-asal sapagkat ito ang nagiging pundasyon upang sila ay gumawa ng mabuti sa kanilang sarili at kapwa. Ang kakayahan ng bata na gumawa ng tama kaysa sa mali ay nakasalalay sa mga nakalakihan niyang pagpapahalaga. Kapag naturuan ng mabuting asal ang isang bata, sa salita man o sa gawa, ito ay magiging repleksyon na siya ay marunong gumalang, responsable, at may konsiderasyon sa kapwa at sa kanyang sarili. Pinagtibay sa pag-aaral ni Chua (2014) [7] ang bawat tayo ay nagtataglay ang isang elementong moral na tinatawag na kagandahang-asal. Ito ang nagbibigay ng kabutihan sa tao upang mag-udyok na gumawa ng mabuti sa kanyang kapwa. Kaugnay ito, ang konsepto ng mga Pilipino sa kagandahang-asal ay kung mabuti ang iyong kalooban, mayroon kang mabuting kaluluwa, may dangal, puri, at kabanalan.

Lumabas na lubhang mataas ang antas ng pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa pagpapahalaga sapagkat ito ay nakakuha ng (M=4.49, SD=0.73). Ipinahihiwatig lamang nito na nakatutulong ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga aral ng karunungang-bayan upang umunlad ang kanilang kaugalian. Pinatunayan nina Astorga at Verticio (2019) [8] ang pagpapahalaga ay pagyakap sa kultur ana tumatatak sa isipan ng bawat indibidwal na siyang ginagamit o isinasagawa sa pang araw-araw. Kaugnay nito, binanggit din na mayroong dalawang uri ng pagpapahalaga—ang ganap na pagpapahalagang moral at pagpapahalagang kultural na panggawi. Ang ganap na pagpapahalagang moral ay tumutukoy sa pangkalahatang katotohanan na tinatanggap ng tao bilang mabuti at mahalaga, kabilang dito ang pag-ibig, paggalang sa dignidad ng tao, katarungan, kapayapaan, at pagmamahal sa katotohanan. Samantala, ang pagpapahalagang kultural na panggawi ay maaaring pansariling pananaw ng tao o kolektibong paniniwala ng isang pangkat kultural. Kasama rito ang pansariling pananaw, opinion, ugali, at damdamin.

Batay sa masusing analisasyon at pagtutuos ng resulta sa talahanayan tatlo (3), lumalabas na lubhang mataas ang antas ng pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral hinggil sa personal na pag-unlad. Sa kabuoan, ang mga pahayag na may kaugnayan sa antas ng pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa personal na pag-unlad ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.52, standard deviation na 0.68, kung kaya't ang antas ng Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral Batay sa Personal na Pag-unlad ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ang Personal na Pag-unlad ng isang mag-aaral ay maaaring mahubog sa iba't ibang karanasan sa buhay gayundin ang pakikisalamuha sa mga tao. Maaaring magbago ang paraan ng pag-iisip, saloobin, gawi, relasyon, at pag-uugali na maaaring magamit sa anumang aspekto o sitwasyon sa kanyang buhay. Sa kabilang banda, ang mga tagapagturo ay maaaring gumawa ng mga hakbang o drill na makatutulong sa pag-unlad ng sosyal at emosyonal na pagganap ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng emosyonal na kabatiran ay makatutulong upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang nararamdaman sa kanilang sarili at sa iba, sariling pagganyak at napapamahala ang emosyonal at sosyal na relasyon.

Binanggit na Gosala (2019) [9] ang personal na pag-unlad at dapat nagsisimula nang maaga sa buhay ng isang tao na siyang nagiging repleksyon sa kanilang pagkatao. Maituturing ito bilang isang hanap ng mga katangian na humuhubog sa panloob at panlabas na katauhan ng isang nilalang. Ang katangian, pag-uugali, at kapaligiran ay ilan sa mga katangiang humuhubog sa pag-unlad ng isang indibidwal na siyang nakatutulong para magkaroon ng kumpiyansa, pagpapahalaga sa sarili, positiong epekto sa iba't ibang tao at bagay.

**Epekto ng Profayl ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral**

Talahanayan 4. Makabuluhang Epekto ng Profayl ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral

| Profayl | Kaugalian | Beta Coeffiecient | t-stat | p-value | Analysis |
|---|---|---|---|---|---|
| Edad | Kagandahang-asal | -0.378 | -0.903 | 0.3713 | Walang kabuluhan |
| | Pagpapahalaga | 0.1243 | 0.3517 | 0.7267 | Walang kabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | 0.0754 | 0.1492 | 0.8821 | Walang kabuluhan |
| Kasarian | Kagandahang-asal | 0.2988 | 1.4835 | 0.1448 | Walang kabuluhan |
| | Pagpapahalaga | -0.043 | -0.254 | 0.8003 | Walang kabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | -0.118 | -0.487 | 0.6289 | Walang kabuluhan |
| Tirahan | Kagandahang-asal | -0.04 | -0.159 | 0.874 | Walang kabuluhan |
| | Pagpapahalaga | 0.1035 | 0.4838 | 0.6308 | Walang kabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | -0.172 | -0.563 | 0.5761 | Walang kabuluhan |

Ang talahanayan apat ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng Profayl ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral.

Ang *Edad*, *Kasarian,* at *Tirahan* ay napansing walang makabuluhang epekto sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa Kagandahang-asal, Pagpapahalaga, at Personal na Pag-unlad. Ang mga datos ay tinuos gamit ang *t-test* na may mas mababa na *critical t value*. Sa pangkalahatan, ang *p-values* na nakuha ay mas higit sa 0.05 antas ng kabuluhan; ipinapakita rin nito na ang walang bisang palagay na "*Walang kabuluhang epeketo ang ng profayl ng mga tagatugon sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral*" ay tanggapin.

Pinagtibay ni Chalmers (2013) [10] na kapag ang resulta ng isinagawang pag-aaral ay walang kabuluhan, hindi ito maaaring ipalagay na walang epekto. Dagdag pa niya, ang resultang walang kabuluhan sa istatistika ay nahuhusgang pagkabigo ng pananaliksik ay walang tiyak na katibayan. Ang ganitong resulta ay maaaring mag-udyok sa mga mananaliksik o iba pang mananaliksik na galugarin ang nagging butas o sanhi ng pag-aaral.

Dagdag pa ni David (2017) [11] na isa sa pinakakaraniwang alalahanin ng mga mag-aaral ay tungkol sa kung ano ang gagawin kapag nabigo silang makahanap ng mga makabuluhang resulta sa kanilang isinagawang pag-aaral. Ang ganitong suliranin ay makapagbubukas ng maaaring kailanganin upang pagtugmain ang mga pagkakaibang ito. Panghuli, maaari gumawa ng mga partikular na mungkahi para sa mga bagay na maaaring gawin ng mga susunod na mananaliksik sa ibang paraan upang makatulong na magbigay ng higit na Liwanag sa pag-aaral.

**Epekto ng Pagsasabuhay ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral**

Talahanayan 5. Makabuluhang Epekto ng Pagsasabuhay ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral

| Profayl | Kaugalian | Beta Coeffiecient | t-stat | p-value | Analysis |
|---|---|---|---|---|---|
| Personal na Interes | Kagandahang-asal | 0.2993 | 1.7898 | 0.0801 | Walang kabuluhan |
| | Pagpapahalaga | 0.484 | 3.4325 | 0.0013 | Makabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | -0.074 | -0.368 | 0.7146 | Walang kabuluhan |
| Impluwensya ng Iba't ibang Tao | Kagandahang-asal | 0.4852 | 3.3055 | 0.0018 | Makabuluhan |
| | Pagpapahalaga | 0.4619 | 3.7321 | 0.0005 | Makabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | 0.0398 | 0.225 | 0.823 | Walang kabuluhan |
| Kalagayang Pampamilya | Kagandahang-asal | 0.2627 | 1.3282 | 0.1907 | Walang kabuluhan |
| | Pagpapahalaga | 0.4558 | 2.7332 | 0.0089 | Makabuluhan |
| | Personal na Pag-unlad | 0.0579 | 0.2428 | 0.8092 | Walang kabuluhan |

Ang talahanayan bilang lima ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng Pagsasabuhay ng mga Tagatugon sa Pag-unlad ng Kaugalian ng mga Mag-aaral.

Ang *Personal na Interes*, *Impluwensya ng Iba't ibang Tao*, at *Kalagayang Pampamilya* ay pansing walang makabuluhang epekto sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa Kagandahang-asal, Pagpapahalaga, at Personal na Pag-unlad. Ang datos ay tinuos gamit ang *t-test* na may mas mababa na critical t-value. Sa pangkalahatan, ang p-values na nakuha ay mas higit sa 0.05 antas ng kabuluhan at ipinakita rin nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto sa pagsasabuhay ng mga tagatugon sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral*" ay bahagyang tinanggap.

Pinagtibay ni Derickla (2016) [12] ang personal na interes ng mga mag-aaral ay sumasailalim o implikasyon ng kasanayan sa paaralan o tahanan. Maituturing na hangga't ang mga kabataan ay hindi pa hinog ang kaisipan bunga ng pagdadalaga o pagbibinata, malaki ang epekto nito sa kanilang interes. Kaya naman mas mainam na sanayin at gabayan ang nga mag-aaral tungkol sa mga pagbabagong nagaganap sa kanilang kapaligiran gayundin sa kanilang sarili.

Sa kabilang banda, sinabi ni Chalmers (2013) [10] ang ganitong resulta ay kapaki-pakinabang para sa pananaliksik sapagkat ito ay maaaring gamitin bilang makabuluhang paksa na makakapukaw sa interes ng bawat indibidwal na magsasagawa rin ng ganitong klase ng mga pag-aaral. Dagdag pa nito, ang mga ganitong sitwasyon o pangyayari ay makakapagpalawak ng mga kaalaman ng mga susunod na mananaliksik at/o pananaliksik na siyang makatutulong na sagutin nila ang mga tanong mula rito. Ang mga katangian ng mga tagatugon base sa mga isinaalang-alang na baryabol ay ang nagging sanhi ng ganitong resuktang hindi inaasahan. Gayundin, ang iba pang mga panlabas na salik ay wala na sa control ng mga nagsasagawa ng pag-aaral.

**Kagamitang Pampagtuturo na may Kaugnayan sa Karunungang Bayan**

Talahanayan 6. Planong Gawaing Iminumungkahi

| Layunin | Aktibiti | Mga Taong Kasangkot | Awtput |
|---|---|---|---|
| Mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungang bayan | Paglikha ng Edukasyonal na materyales | Mga guro sa Filipino | Napalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa tulong ng mga likhang materyales |
| Makapagsasagawa ng mga serye ng oryentasyon | Paggawa ng serye ng oryentasyon | Mga guro sa Filipino | Naiuugnay ang natutunan sa realidad ng buhay |
| Mapataas ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng kagamitang pampagkatuto sa karunungang bayan | Pagbuo ng polyeto na ang nilalaman ay karunungang bayan | Mga guro sa Filipino | Kamalayan ng mga mag-aaral sa karunungang bayan |

## V.CONCLUSION AND RECCOMENDATIONS

Bilang paglalahat, sa pamamagitan ng istatistikal na pamamaraan na *regression analysis*, masasabing nagkaroon ng makabuluhang ugnayan ang ilan sa mga baryabol. Ngunit, napatunayan sa pananaliksik na ito na walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagatugon at pagsasabuhay ng nga karunungang bayan sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral. Batay sa mga nakalap na datos at impormasyon, ang mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon. Ang personal na salik ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian, at tirahan ay nakitang walang kaugnayan sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa kanilang kagandahang-asal, pagpapahalaga, at personal na pag-unlad.

Lumabas din na walang makabuluhang ugnayan ang personal na interes, impluwensiya ng iba't ibang tao, at kalagayang pampamilya sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral. Ngunit, napatunayan na mataas ang lawak ng pagsasabuhay at sa pananaw ng mga tagatugon kung saan nalilinang ang mga kasanayan sa pagkatuto gaya ng pakikinig at pagsusulat. Gayundin, nakahihikayat ang mga mag-aaral na gumugol ng oras sa pag-aaral at nakapagbibigay ito ng motibasyon upang sumidhi ang damdamin na pagyamanin ang kanilang kaalaman. Bagaman napansin na mataas ang lawak ng pagsasabuhay, ang pahayag na may pinakamababang marka ay nakapupukaw ng atensyon hinggil sa mga karunungang bayan ay dapat bigyang atensyon. Humantong ang pananaliksik na ito sa resultang bahagyang pagtanggap dahil nagkaroon ng kabuluhan ang ibang baryabol.

Bagamat napatunayan na walang makabuluhang kaugnayan ang impluwensya ng iba't ibang tao sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral, binanggit sa pag-aaral ni Stephenson (2023) [13] ang itinuran ni Lev Vygotsky, isang Soviet psychologist sa kanyang "Teoryang Sociocultural," pinaniniwalaan na ang mga magulang, tagapag-alaga, kasamahan, at ang kultura ay responsable sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagkatuto. Isang malaking impluwensya ang mga panlipunang kadahilanan sa pag-unlad tulad na lamang ng edukasyon, etniko, kultura, politika, komunidad, at iba pa. Binigyang-diin na malaki ang gampanin ng pakikipag-ugnayan sa Lipunan sa pagpapaunlad ng kognitibo.

Batay sa konklusyong inilatag sa taas, ang sumusunod ay ang mga rekomendasyon sa pananaliksik na ito:

1. Sa mga guro, pag-isipang mabuti at pagtuunan ng pansin ang mga aral na matutuhan ng mga mag-aaral. Iangkop ang mga aralin sa totoong karanasan sa buhay ng mga mag-aaral nang sa gayon ay mahubog ang personalidad, ugali, pananaw, relasyon sa ibang tao, at iba pa.
2. Sa mga magulang, na panatilihin na maayos ang relasyon sa loob ng tahanan gaya ng mabuting pakikisama sa isa't isa at patuloy na hiyakatin ang mga kabataang gamitin bilang pundasyon ng mabuting asal o pag-uugali ang mga nilalaman ng karunungang-bayan.
3. Sa mga mag-aaral, na paglaanan ng oras, atensyon, at interes ang muling pagbuhay ng mga karunungang bayan hinggil sa nilalaman nito. Isaalang-alang ng mabuti ang kultura at tradisyong kinabibilangan. Huwag ibaon sa limot ang mga salawikaing ginawa ng ating mga ninuno upang makatulong sa ating pang araw-araw na buhay.
4. Sa komunidad, magsagawa ng mga palihan hinggil sa karunungang bayan gaya ng pagsasabuhay at wastong gamit nito sa loob ng tahanan na siyang makapagbibigay sa mga magulang ng motibasyon na magsisilbing tulay sa kanilang pagtuturo ng kagandahang-asal sa kani-kanilag mga supling.
5. Sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino, na pag-aralan at pangunahan ang muling pagbuhay sa mga salawikain, bugtong, kawikaan, bulong na sumasalamin sa karunungang-bayan. Gayundin, himukin ang mga Kabataang nakakalimot at hindi nagpapahalaga rito.
6. Sa mga susunod na mananaliksik, hikayatin ang mga local na pamahalaan na maglaan o magsagawa ng mga programa at slid-aklatan sa mga tiyak na lugar na kanilang nasasakupan na pupukaw sa kamalayan at interes ng mga kabataan upang patuloy na tangkilikin, basahin, lumikha, maging higit na pag-aralan at pahalagahan ang karunungang-bayan na isa sa pagkakakilanlan ng ating kultura.
   extentions

## REFERENCES


[1] Salazar, C. (2021). Panitikang Pilipino

[2] Sionil, J. (2017). Why are we shallow

[3] BOBIS, A. (2018). Epekto ng paggamit ng mga laro sa pagtuturo ng asignaturang filipino bilang integrasyon sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ikalimang baiting. Enverga University. https://mseuf.edu.ph/research/read/827

[4] ALEMANA, et al (2023). Pagsasadula: Paraan ng mabisang pagkatuto sa pagtuturo ng wika at panitikan sa senior high school. Northeastern Mindanao Academy

[5] ANALYTIS, et al (2013). Social influence and the collective dynamics of opinion formation

[6] LIAO, et al (2021). The influence of parent-child relationship on the academic pressure of elementary students: a moderated mediation model

[7] CHUA, M.C. (2014). Ang kaugnayan ng mabuting kaloonam sa dalumat ng kalayaan at pagkabansa ng katipunan

[8] ASTORGA at VERTUCIO (2019). Isang pag-aaral sa epekto ng koreanovela sa kayariang pangwika at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa St. Mary's College, Quezon City

[9] GOSALA, J. (2019). Importance of personality development in a student's life. Hinango mula sa https://www.thehansindia.com/hans/young-hans/importance-of-personality-development-in-students-life-577599?infinitescroll=1
[10] CHALMERS, A. (2017). Survey of claims of no effect in abstracts of Cochrane reviews. BMJ 2013, 326:475.
[11] DAVID (2017). My results were not significant… now what? Hinango mula sa https://www.statisticssolutions.com/my-results-were-not-significant-now-what/
[12] DERICKLA, S.P. (2016). Ang ating panitikang Pilipino
[13] STEPHENSON (2023). An Examination of Rural Teachers' Cultural Identity Through Critical Reflection. An Examination of Rural Teachers' Cultural Identity Through Critical Reflection